



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-73

“NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 5, S-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG TANAWAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA ANNUAL BARANGAY YOUTH INVESTMENT PROGRAM (ABYIP) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON, SIYAM NA DAAN ANIM NA LIBO AT ANIM NA DAANG PISO (P1,906,600.00).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo

Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

SAPAGKA'T, isinasaad sa Batas Republika Bilang 10742 o Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 na ang sampung porsyento (10%) ng pangkalahatang pondo ng barangay ay dapat ilaan sa Sangguniang Kabataan;

SAPAGKA'T, isinasaad sa Batas Republika Bilang 10742 o Sangguniang Kabataan Reform Act 2015 na ang Sangguniang Kabataan ay nararapat lamang na magbalangkas at magpatibay ng isang taon na plano ng kanilang proyekto, programa, at mga aktibidad;

SAPAGKA'T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Tanawan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 5 S-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Tanawan, Bustos, Bulacan na nauukol sa *Annual Barangay Youth Investment Program* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Isang Milyon, Siyam na Daan Anim na Libo at Anim na Daang Piso (P1,906,600.00).


TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN


BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

PINAGTIBAY, ngayong ika-16 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Kyle Gabrielle D.R. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni



Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-16 ng Marso taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim